KAHILINGAN PARA SA MGA PANUKALA FY 2025-26 #4
Plano sa Pagpapaunlad ng mga Mapagkukunan sa Komunidad

Petsa: Nobyembre 7, 2025
Para sa: Lahat ng Interesadong Indibidwal at Organisasyon
Mula sa: Regional Center of the East Bay
Tungkol sa/kay: Kahilingan para sa Proposal (Request for Proposal, RFP)

Ang Regional Center of the East Bay (RCEB) ay isang pribadong non-profit na organisasyon na kakontrata ng California Department of Developmental Services (DDS). Bahagi ang RCEB ng isang pambuong estadong network ng 21 Regional Center na responsable sa koordinasyon at pagpapaunlad ng mga serbisyo para matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa intelektwal/pisikal sa Alameda at Contra Costa na mga County.

Tinukoy ng RCEB ang pangangailangan para sa isang panandaliang (3-5 araw) na pang-emerhensiyang kanlungan upang magbigay ng ligtas, accessible at agarang mga opsyon sa tirahan para sa mga indibidwal na pinaglilingkuran ng RCEB sa panahon ng mga sakuna. Ang kanlungan ay kailangang magbigay ng mga suporta para sa 25 indibidwal na may masinsinang pangangailangang medikal na maaaring hindi napaglingkuran o kulang sa serbisyo sa isang tradisyunal na kapaligiran sa kanlungan ng mga tao .

Mas gusto ang lokal na mga tagapagbigay ng serbisyo na may karanasan sa pagbibigay ng mga serbisyo sa East Bay pati na rin ang mga may karanasan sa paglilingkod sa ating komunidad na may magkakaibang kultura at wika.

PAKITANDAAN: Ang paniumalang mga pondo ay nilalayon na dagdagan ang mga gastos na kasama sa pagbuo ng proyekto. Inaasahang may sapat na pondo ang aplikante para makapag-ambag sa proyekto.

Alinsunod sa Senate Bill (SB) 74, kinakailangan na ang sinumang tagapagbigay ng serbisyo na tumatanggap ng mga pondo mula sa negotiated na rate ay hindi maaaring maglaan ng higit sa 15% ng natanggap na kita sa mga gastos sa pangangasiwa. Ang kinakailangang ito ay dapat pondohan ng provider ng serbisyo. Mangyaring sumangguni sa SB 74 para sa karagdagang impormasyon. Ang link para rito ay nasa website ng RCEB, www.rceb.org. *Ang kinakailangan na ito ay hindi naaangkop sa panimulang mga kontrata.*

Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na tumatanggap ng higit sa $500,000 hanggang $2,000,000 na kita mula sa mga Regional Center ay kinakailangang magsagawa ng taunang independiyente na pagrepaso sa pananalapi o independiyente na audit sa pananalapi at isumite ito sa RCEB. Kung ang tagapagbigay ay tumatanggap ng katumbas o higit sa $2,000,000 mula sa mga

Regional Center, kailangan nilang magsagawa ng taunang independiyente na audit sa pananalapi at isumite ito sa RCEB.

RCEB-FY- 25-26 Proyekto #4

CRDP Panimulang Pondo: $85,000
Kasalukuyang Bayad: na aaregluhin alinsunod sa Batas at mga Regulasyon ng Estado.

Ang mapiling tagapagbigay ng serbisyo ay magtatatag ng panandaliang (3–5 araw) na emerhensiyang kanlungan sa kanilang kasalukuyang lugar ng programa sa Lisensyadong Pang-araw ng Pangangalaga sa Komunidad na magbibigay ng ligtas, accessible, at agarang mga opsyon sa tirahan para sa mga indibidwal na pinaglilingkuran ng RCEB na lumikas sa panahon ng mga sakuna. Ang mga indibidwal ay magkakaroon ng mga pangangailangan sa masinsinang medikal na suporta at maaaring hindi napaglingkuran o kulang sa serbisyo sa kapaligiran sa tradisyunal na kanlungan ng mga tao. Ang kanlungan na ito ay magkakaroon ng mga kinakailangang supply para sa 3-5 araw, kabilang ngunit hindi limitado sa mga kuna na sumusunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act,ADA), portable manual hoyer lift, ADA portable shower, portable na supply ng kuryente, at Kagamitan sa Personal na Proteksyon (Personal Protection Equipment, PPE). Ang lokasyon ng emerhensiyang kanlungan ay dapat na may sapat na sukat upang magkasya ang 25 indibidwal at ang kanilang mga tagasuporta na sasamahan ang indibidwal sa kanlungan at dapat ay nasa Alameda o Contra Costa County.

Mga Tagubilin sa Panukala at Format ng Pagsusumite:

1. ***Magsumite ng 2 elektronikong kopya ng panukala.***
2. Ang isang elektronikong kopya ay dapat **maglaman ng lahat ng impormasyong nakabalangkas sa RFP na ito, kasama ang mga kalakip**.
3. Ang isang elektronikong kopya ng panukala ay dapat na maglalaman ng lahat ng impormasyong kinakailangan sa RFP na ito, pero **dapat na alisin (redacted) ang lahat ng nagpapakilalang impormasyon tungkol sa organisasyon, pangunahing kawani at mga consultant**. Pakisuyong alisin ang pangalan ng organisasyon at ang mga pangalan ng tauhan at consultant sa lahat ng pahina ng proposal na inalisan ng impormasyon. Tiyaking naalis din ang impormasyon sa footer ng bawat pahina.
4. Ang mga panukala ay dapat na naka-double space at isumite bilang Word document. Ang lahat ng pahina ay dapat na may nagpapakilalang footer na may pangalan ng tagapagbigay ng serbisyo, numero ng proyekto, at mga pahinang may bilang.
5. Mag-email ng dalawang elektronikong kopya sa rfp@rceb.org.
6. **Ang dalawang elektronikong kopya ay dapat na matanggap bago ang 5:00 pm sa huling araw ng RFP: Lunes, Enero 05, 2026. ANG MGA NAHULI AT/O HINDI KUMPLETONG APLIKASYON AY HINDI ISASAALANG-ALANG.**

Hihintayin namin ang mga proposal ninyo.

Ang lahat ng karagdagang tanong tungkol sa aplikasyon o paghiling ng teknikal na tulong ay dapat idirekta kay Heather Jacobs, Senior Resource Specialist sa (510) 618-6497/e-mail sa hjacobs@rceb.org. Pakisuyong huwag tumawag tungkol sa kalagayan ng aplikasyon.

Magsasagawa ang RCEB ng Pagpupulong ng mga Bidder sa Kahilingan para sa mga Panukala (Sesyon sa mga Tanong at Sagot) sa Lunes, Nobyembre 18, 2025 sa ganap na 1:00 PM Ang Pagpupulong ng mga Bidder ay gaganapin sa Zoom.

Paksa: Pagpupulong ng mga Bidder sa RFP
Oras: Nobyembre 18, 2025 01:00 PM Oras sa Pasipiko (Estados Unidos at Canada)
Join Zoom Meeting
https://us06web.zoom.us/j/85809401722?pwd=E1S0X4BfOnbLMwbpP9zncQnzmTi3Rk.1

Meeting ID: 858 0940 1722
Passcode: 436999

Mga Kinakailangan sa Panukala

1. RFP Application Form (Attachment A).

2. Isang pahayag na nakalagay kung sino ang gumawa sa proposal.

3. Pahayag ng Ideya: Isama ang sumusunod na impormasyon sa Pahayag ng Ideya. Tiyaking isama ang mga sumusunod na ideya:

a. Ilarawan ang pasilidad (5 puntos)
☐ Ang aming pasilidad ay lisensyado bilang isang (ilagay ang uri ng kapaligiran) ng CCL (Lisensiyadong Kapasidad:____ # ambulatory _____ #non ambulatory _____)
☐ Ang aming programa ay naglilingkod sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pagsulong at Mga Pangangailangan sa Access at Paggana (Access and Functional Needs, AFN)
☐ Ang aming programa ay may pisikal na espasyo at tirahan upang suportahan ang 25 indibidwal at ang kasamang tagasuporta.

b. Ilarawan kung handa o hindi ang iyong pasilidad na mag-alok ng mga sumusunod: (5 puntos)
Mga Tulugan
☐ Ligtas na manuluyan ang [] mga kliyente sa magdamag
☐ Mga ADA-accessible na mga kuna, hawakan, at aparato sa paggalaw
Kaligtasan at Kuryente (5 Puntos)
☐ Mayroong Generator at proteksyon sa surge
☐ Nakahanda ang ilaw at mga sistema ng komunikasyon sa emerhensiya
Medikal at Kalinisan (5 Puntos)
☐ Nagpapanatili kami ng 72-oras na supply ng pagkain, tubig, at mga hygiene kit
☐ Kasama ang portable na solusyon sa pagligo/paglaba
Imbakan at Logistics
☐ Ang mga supply ay nakaayos sa isang ligtas, accessible na lugar ng imbakan

c. Plano sa Pag-activate sa Emergensiya (5 Puntos)

☐ Mayroon kaming detalyadong plano:
Mga udyok sa pag-activate (hal., kalamidad, kahilingan ng RCEB)
Mga pamamaraan sa pag-abiso
Koordinasyon sa Coordinator ng mga Emerhensiyang Serbisyo ng Regional

d. Layout ng Pasilidad at Plano sa ADA (5 puntos)

☐ Ang mapa ng pasilidad ay nagpapakita ng mga itinalagang lugar ng kanlungan
☐ May kasamang mga lugar na labasan, tulugan, kalinisan, at suportang medikal
☐ Ang layout ay sumusunod sa ADA at may karatula/ilaw para sa paggamit sa emerhensiya

e. Kalakip E

☐ Floor Plan

f. Magbigay ng tsart ng organisasyon na nagpapakita ng iba't ibang programa na pinapatakbo ng iyong organisasyon at kung paano papasok sa tsart na ito ang iminungkahing proyekto. (5 puntos)

g. Isang pahayag na nagpapakita ng plano mo upang paglingkuran ang magkakaibang kliyente, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga kliyenteng magkakaiba ang kultura at wika. Magbigay ng mga halimbawa ng dedikasyon mo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng magkakaibang kliyenteng iyon. Isama ang anumang karagdagang impormasyon na sa tingin mo ay may kaugnayan sa isyu ng pagkakapantay-pantay at pagkakaiba-iba. (5 puntos)

h. Mga partikular na time line para sa pagkumpleto ng proyektong ito na nagpapakita ng lahat ng pangunahing hakbang sa proseso hanggang sa target na petsa ng pagsisimula ng mga serbisyo (5 puntos)

4. Maglagay ng linya ng item na **Kasalukuyang Buwanang Budget** na nagsasaad ng inaasahang mga gastos sa pagpapatakbo ng iyong bagong programa (Kalakip B). Tandaan na kung pipiliin para sa proyektong ito, isang mas komprehensibo at detalyadong tool sa budget ang gagamitin.

5. Magbigay ng kasalukuyang **Pinansyal na Pahayag** (Kalakip C) upang isama ang kasalukuyang tatluhang-buwan na Pahayag ng Pinansyal na Posisyon, kasalukuyang tatluhang-buwan na Pahayag ng mga Aktibidad, kasalukuyang tatluhang-buwan na Pahayag ng mga Daloy ng Salapi, at pinakabagong audited na indepenyenteng ulat ng audit ng CPA. (Maaaring kinakailangan mong magbigay ng patunay ng pinansyal na responsibilidad bago pumirma ng kontrata para sa panimulang mga pondo).

6. Ang mga pangalan, address at numero ng telepono ng tatlong **Propesyunal na Sanggunian** at maglagay ng kahit isang propesyunal na sulat ng sanggunian na naglalarawan sa iyong mga kakayanan at kwalipikasyon kaugnay sa panukalang ito (kalakip D).

7. Maglagay ng listahan ng mga iminungkahing **Mga Consultant ng Programa**, suweldong ibinayad at tinatayang oras bawat buwan para sa panimuila at patuloy na konsultasyon (kalakip E).

8. Isang iminungkahing Panimulang Badyet na nagsasaad kung paano gagamitin ang pondo (**Kalakip F sa pahina 10**. Tandaan na inaasahan mag-aambag ang aplikante in-kind na pondo sa panahon ng start-up. Mangyaring tukuyin kung ano ang in-kind na pondong ito sa dokumentong ito. Gayundin, ang aplikante ay dapat may kakayanan na makabayad ng utang (financially solvent) sa panahon ng paglipat (iyon ay, sa pagitan ng araw na magsisimula ang mga serbisyo at sa araw kung kailan ang programa ay pinopondohan).

9. **Resume** na nagpapakita ng katibayan ng mga kwalipikasyon ng aplikante tulad ng: edukasyon, karanasan, at mga kasanayang ipinakita sa pagtatrabaho kasama ng mga taong may kapansanan sa pagsulong (hindi bababa sa isang taon ng pagbibigay ng direktang pangangasiwa at mga espesyal na serbisyo sa mga taong may kapansanan sa pagsulong).

Ang mga link sa mga template para sa Kalakip A, B, C, D, E, at F ay makikita sa www.rceb.org; I-click ang Seksyon na "Para sa mga Tagapagbigay" at pagkatapos ay i-click ang "Seksyon ng Kahilingan para sa Panukala".

PANGKALAHATANG MGA LIMITASYON:

Ang Kahilingan Para sa Proposal na ito ay hindi garantiya na ibibigay ng RCEB ang kontrata, na bayaran ang anumang ginastos
sa paghahanda ng proposal, makipagkontrata bilang tugon sa kahilingang ito, o bumili o makipagkontrata ng mga serbisyo o suplay. Para maisaalang-alang, ang **kumpletong panukala** ay dapat matanggap bago ang petsa at oras ng pagsasara na nakasaad sa itaas.

PROSESO NG PAGSUSURI:

A. Tinukoy ang isang Contact Person para sa proyekto at magbibigay ng limitadong teknikal na tulong sa proseso ng RFP kung naaangkop.

B Lahat ng mga kumpletong panukala ay tatasahin sa proseso ng pagrepaso ng Komite sa Pagrepaso sa Pagtatasa . Ang Komite sa RFP ay binubuo ng mga kinatawan mula sa Lupon sa Lugar V, ang lokal na Konseho ng mga Kapansanan sa Pagsulong, mga kawani ng Regional Center mula sa isang hanay ng mga propesyonal na disiplina at indibidwal na pinaglilingkuran ng RCEB.

Ang mga redacted na bersyon ng RFP ay rerepasuhin ng Komite sa Pagrepaso sa Pagtatasa gamit ang sumusunod na pamantayan:

1 Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
2 Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay sa partikular ang paksa.
3: Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
4 Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
5: Mahusay- Ang sagot ay nagpapakita ng lubos na mga makabagong ideya.

C. Ang mga aplikanteng may pinakamataas na mga marka ay iimbitahan upang humarap sa Komite sa Pagrepaso ng Pagtatasa para sa isang panayam upang

talakayin ang kanilang panukala nang mas detalyado. Tatasahin ng Komite sa Pagrepaso ang mga sagot ng aplikante sa panayam ayon sa sumusunod na pamantayan:

1 Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
2 Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay sa partikular ang paksa.
3: Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
4 Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
5 Mahusay- Ang sagot ay nagpapakita ng lubos na mga makabagong ideya.

D. Ang aplikante na may pinakamataas na kabuuang marka ng nakasulat at ng pakikipanayam na proseso ay
iginawad ang panimulang kaloob. Pakitandaan na maaaring kumpletuhin ng RCEB ang proseso ng RFP nang hindi ibinibigay ang proyekto. Ang huling desisyon ng Komite ng Pagsusuri ay hindi puwedeng iapela. Ang mga materyal na isinumite ng mga aplikante ay pananatilihin sa file sa loob ng tatlong taon sa RCEB.

E. Ang lahat ng mga aplikante ay padadalhan ng mga liham na magpapaalam sa kanila kung sila ay ginawaran o hindi ng proyekto. Magbibigay ang RCEB ng pagkakataon sa mga aplikante na talakayin kung bakit hindi napili ang kanilang proyekto, kung hihilingin ng aplikante.

Kapag ang mga proyekto ay iginawad, papadalhan ang lahat ng mga aplikante ng sulat upang ipaalam sa kanila ang mga pasya tungkol sa paggawad ng panimula. Pakisuyong huwag tumawag o mag-email para magtanong tungkol sa katayuan ng proyekto.

Timeline ng RCEB

1. Nobyembre 7, 2025: Ang RFP ay ipapaskil, iaanunsyo, at ibibigay
2. Nobyembre 18, 2025: Pagpupulong ng mga Bidder 1:00 PM
3. Enero 5, 2026: Ang kumpletong mga panukala ay dapat isumite sa rfp@rceb.org bago ang 5 pm
4. Pebrero 7, 2026: Ipapadala sa Komite sa Pagtatasa ang mga Nakasulat na Panukala
5. Enero 20, 2025 Magsisimula ang mga panayam

HALIMBAWA: PAPEL SA MARKA NG PAGSUSURI SA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO NG RFP:
(Kukumpletuhin ng Komite sa Pagtatasa ng RFP. Isasama para sa impormasyon ng aplikante)

Pangalan ng Aplikante:		**RCEB Taon ng Pananalapi at Numero ng Proyekto:**	RCEB 25-26-4
Pangalan ng Tagasuri:		**Petsa:**	

Susi ng Marka: paki-markahan ng 1-5 sa pagsaalang-alang ng sumusunod balangkas: **Marka**: _____

1 Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
2 Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay sa partikular ang paksa.
3: Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
4 Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
5: Mahusay- Ang sagot ay nagpapakita ng lubos na mga makabagong ideya.

	PAMANTAYAN para sa Pahayag ng Ideya:	**MARKA**	**MGA KOMENTO**
a.	Ilarawan ang pasilidad (5 puntos) ☐ Ang aming pasilidad ay lisensyado bilang isang (ilagay ang uri ng kapaligiran) ng CCL (Lisensiyadong Kapasidad Capacity:____ # ambulatory _____ #non ambulatory _____) ☐ Ang aming programa ay naglilingkod sa mga indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad at ☐ Ang aming programa ay may pisikal na espasyo at tirahan upang suportahan ang 25 indibidwal at ang kasamang tagasuporta		
b.	Ilarawan kung handa o hindi ang iyong pasilidad na mag-alok ng mga sumusunod: (5 puntos) <u>Mga Tulugan</u> ☐ Ligtas manuluyan ang [] mga kliyente sa magdamag ☐ Mayroong mga kuna, hawakn, at aparato sa paggalaw na ADA-accessible <u>Kaligtasan at Kuryente</u> ☐ Mayroong generator at proteksyon sa surge ☐ Nakahanda ang ilawa at mga sistema ng komunikasyon sa emerhensiya <u>Medikal at Kalinisan</u> ☐ Nagpapanatili kami ng 72-oras na supply ng pagkain, tubig, at mga hygiene kit ☐ Kasama ang portable na solusyon sa pagligo/paglaba		

	Imbakan at Logistics ☐ Ang mga supply ay nakaayos sa isang ligtas, accessible na lugar ng imbakan		
c	Plano sa Pag-activate sa Emergensiya (5 Puntos) ☐ Mayroon kaming detalyadong plano: Mga udyok sa pag-activate (hal., kalamidad, kahilingan ng RCEB) Mga pamamaraan sa pag-abiso Koordinasyon sa Coordinator ng mga Emerhensiyang Serbisyo ng Regional		
d.	Layout ng Pasilidad at Plano sa ADA (5 puntos) ☐ Ipinapakita ng mapa ng pasilidad ang mga itinalagang lugar ng kanlungan ☐ May kasamang mga lugar ng labasan, tulugan, kalinisan, at medikal suporta ☐ ay may Lacompliant na ilaw at pag-signout pang-emergency na paggamit		
e.	MAGSAMA NG FLOOR PLAN NG PASIILIDAD		
f.	Magbigay ng organizational chart na nagpapakita ng iba't ibang programa na pinapatakbo ng organisasyon mo at kung paano pasok sa chart na ito ang iminungkahing proyekto. (5 puntos)		
g.	Isang pahayag na nagpapakita ng plano mo para bigyan ng serbisyo ang magkakaibang kliyente, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga kliyenteng magkakaiba ang kultura at wika. Magbigay ng mga halimbawa ng dedikasyon mo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng magkakaibang kliyenteng iyon. Isama ang anumang karagdagang impormasyon na sa tingin mo ay may kaugnayan sa isyu ng pagkakapantay-pantay at pagkakaiba-iba. (5 puntos)		
h.	Mga partikular na time line para sa pagkumpleto ng proyektong ito na nagpapakita ng lahat ng pangunahing hakbang sa proseso hanggang sa target na petsa ng pagsisimula ng mga serbisyo (5 puntos)		

Kalakip F: Template sa Panimulang Badyet

	Work Sheet sa Pondo ng Panimulang Badyet	Mga Panimulang Pondo sa CRDP: $85,000	Mga In Kind na Pondo at Supply/Pondo mula sa Ibang Mapagkukunan
Mga Supply ng Kanlungan at Aparato sa Accessibility:			
	Karaniwang Kuna		
	Kuna na ADA-accessible		
	Manual Hoyer Lift		
	Karaniwang Wheel Chair		
	Bariatric/Wide Wheel Chair		
	Mga Hawakan		
	Mga Anti-Slip Flooring Mat		
Kuryente at Kaligtasan:			
	Portable Generator/Back-up Mapagkukunan ng Kuryente		
	Accessible na mga Istasyon ng Pag-charge		
	Surge Protector		
	Mga flashlight		
	Two Way Radio		
Mga Supply na Pang-emerhensiya & Medikal:			
	Shelter Kit (72 oras)		
	Kagamitan para sa Pangunang Lunas		
	Mga Guwantes at Maskara (PPE)		
	Portable Shower (ADA)		
	Plano sa Paglalaba		
	Nakakandadong na imbakan para sa mga Supply na Pang-emerhensiya		
Mga Pagsasaalang-alang sa Operasyon:			
	Plano sa Pag-activate ng Kanlungan		
	Komunikasyon		
	Koordinasyon sa RCEB Emergency Lead		Magagamit mula sa RCEB nang walang bayad
	Pagruruta sa ADA at Lay Out ng Pasilidad		
	Kabuuan:		